

ANG MGA MASKARA NI MIKO



Kwentong Pambata ukol sa COVID-19

Kwento ni: Kate del Rosario
Guhit ni: Rachelle Ann Fabula



Ang mga Maskara ni Miko Kwentong Pambata ukol sa COVID-19

Tsikiting Stories



Kwento ni: Kate del Rosario
Guhit ni: Rachelle Ann Fabula



ANG MGA MASKARA NI MIKO: TSIKITING STORIES

Copyright © 2020 by The Department of Human and Family Development Studies (DHFDS)

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, distributed, or transmitted in any form or by any means, including photocopying, recording, or other electronic or mechanical methods, without the prior written permission of the publisher, except in the case of brief quotations embodied in critical reviews and certain other noncommercial uses permitted by copyright law. For permission requests, write to the publisher, addressed “Attention: Permissions Coordinator,” at the address below.

Department of Human and Family Development Studies (DHFDS)
College of Human Ecology (CHE),
University of the Philippines – Los Baños

Author: Kate del Rosario
Edited by: Paeng Ferrer
Illustrator: Rachelle Ann Fabula
Layout artist: Kenneth Turaray

Ordering Information:

Quantity sales. Special discounts are available on quantity purchases by corporations, associations, and others. For details, contact the publisher at the address above. Please contact Tsikiting Stories at tsikitingstories@gmail.com.

Printed in the Philippines



ANG MGA
MASKARA
NI MIKO



Kwentong Pambata ukol sa COVID-19

Kwento ni: Kate del Rosario
Guhit ni: Rachelle Ann Fabula



“Bakit po kaya ang lahat ng tao ngayon, nakasuot ng maskara, Tatay?” tanong ni Miko kay Mang Berto. “Pero bakit po kaya ilong at bibig ang tinatakpan ng maskara nila?”

“Bakit, Miko, ano ba ang dapat na tinatakpan ng maskara?” tugon ni Mang Berto.

Kinuha ni Miko ang kanyang
“Batman” na maskara at isinuot.

*“Tatay, ako si “Batman”! Ang ganda
po ng maskara ko! Buong mukha
ko ang natatakpan. Walang
makakakilala sa akin kapag suot ko
ito. Pwede po kayang ganito ang isuot
nilang maskara?”*

*“Hahaha, nakakatuwa ka
talagang bata ka. Tama! Pihadong
walang makakakilala sa iyo ‘pag yan
ang suot mo. Pero hindi pwedeng
ganyan ang isuot ng mga tao,”
natatawang sagot ni Mang Berto.*



Kinuha naman ni Miko ang maskarang ginamit n'ya sa programa sa eskwelahan. *“Ito na lang po! Tinahi ito ni nanay para sa costume ko. Maganda ito at makulay! Mga mata lang ang kailangang takpan. Hindi mahirap magsalita.”*

“Maganda nga ‘yan! Naalala ko nang ginamit mo yan noong nakaraang buwan. Kaya lang hindi rin yan maaring gamitin ng mga tao ngayon. Pwede lamang gamitin ‘yan sa mga espesyal na okasyon,” paninigurong tugon ni Mang Berto.





“Alam ko na! Eto na lang po!”


Ipinakita ni Miko ang maskarang yari sa supot. *“Madali lang po itong gawin at mura pa!”*

“Mura nga ‘yan at kahit maliit na bata ay kayang-kayang gawin.”
Nakangiting sambit ni Mang Berto.

“Kaya lang, ang kailangan nating lahat ngayon ay isang maskara na hindi lang basta maganda o mura. Kailangan natin ng maskara na magbibigay proteksyon sa ating kalusugan. Kaya kailangan na matakpan ang ating ilong at bibig. Ang iba, pati ang mata ay kailangan ding matakpan.”


“Bakit po? Mausok po ba sa labas? Baka tayo ubuhin?” tanong ni Miko.

“Siguro nga ay mausok din pero sa ngayon, kailangan nating maging ligtas sa isang virus na kung tawagin ay Coronavirus. Maliliit ang virus na ito, at hindi natin nakikita.”



“Pwedeng magkaubo, lagnat, pananakit ng katawan, lalamunan o tiyan ang isang tao na magkakasakit nang dahil sa virus na ito.”

“Kawawa naman po pala ang ang mga taong magkakasakit ng dahil sa virus,” malungkot sa sambit ni Miko.



Inilabas ni Mang Berto ang “Surgical Mask”.

“Kaya nga kailangang magsuot ng maskarang gaya nito ang mga tao lalo na sa tuwing lalabas ng bahay. “Face mask” ang karaniwang tawag dito. Ayaw kasi natin na makahawa o mahawaan ng sakit. Kung minsan kasi hindi alam ng isang tao kung mayroon siyang virus. Kung bumahing siya at hindi siya nakasuot ng ganitong maskara, maaring mahawa ang katabi niya ng virus kahit hindi sinasadya.

Pero kung ang lahat ng tao ay nakasuot ng maskarang gaya nito at hindi masyadong magkakatabi, ligtas s’ya at ligtas din ang ibang tao.”





Ipinakita rin ni Mang Berto ang “face shield” kay Miko.

“Bukod sa maskara, ang iba ay nagsusuot din ng ganito. “Face shield” naman ang tawag dito. Pinoproteksyunan din nito ang mata at buong mukha para mas ligtas.”

“Bukod sa pagsusuot ng maskara o ng “face shield”, mas mainam rin na ugaliin nating maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig para siguradong malinis tuwing hahawak sa sarili. Higit sa lahat, kailangan muna nating manatili sa loob ng ating bahay para mabilis na gumaling ang mga may sakit at tuluyan nang mawala ang virus.”

“Hindi na po ba tayo maaaring lumabas ng bahay, Tatay? Sabik na rin po kasi akong makita ang mga kaibigan at guro namin sa eskwelahan. Gusto ko na rin pong maglaro ulit ng basketball kasama sina Beni at Francis!” malungkot na tugon ni Miko.

Niyakap ni Mang Berto nang mahigpit si Miko.

“Pansamantala lang ang lahat ng ito, Miko. Hindi magtatagal, magagamot ang lahat nang may sakit dahil sa Coronavirus. Sa ngayon, manatili muna tayo sa bahay at magpalakas.”





“Alam ko na, Tatay” sigaw ni Miko habang tumatakbo papunta kay Aling Susan na kanyang ina. “Itatanong ko na lang po kay nanay kung may mga gamit s’ya para makagawa ng mga maskara na pwedeng ibigay sa iba!”

-Wakas-



